



Mga Pantahanang Koleksyong Test Kit para sa Impeksyong (SARS-CoV-2) Mga Madalas Itanong (Mga FAQ)

Ano ang mga pantahanang koleksyong test kit?

Ang mga pantahanang koleksyong test kit ay nagpapahintulot sa iyong mangolekta ng sample sa tahanan, mula sa iyong ilong o mula sa laway, na susuriin para sa SARS-CoV-2, ang virus na nagdudulot ng COVID-19. HINDI mga pagsusuring nakabase sa tahanan ang mga ito; ang sampol na kokolektahin mo ay dapat ipadala sa laboratoryo para suriin. Ipapaalam sa iyo ng kumpanyang nagsusuri kung positibo o negatibo ang iyong pagsusuri para sa SARS-CoV-2.

Paano ako mag-o-order nito?

Maraming kumpanya ang gumagawa ng mga pantahanang koleksyong test kit. Maaari mong hilingin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider) na magrekomenda nito o mag-click sa [Mga Awtorisasyon sa Pang-emerhensyang Paggamit na Naka-In Vitro na Dyagnostiks \(mga In Vitro Diagnostics EUA\)](#), pagkatapos ay mag-scroll pababa sa seksyong may pangalang “mga Pang-indibidwal na EUA para sa Molekular na Dyagnostik na Pagsususuri para sa SARS-CoV-2 (Individual EUAs for Molecular Diagnostic Tests for SARS-CoV-2)” at i-type ang “home collection (pantahanang koleksyon)” sa kahon ng pagsasaliksik (search box.) Ang mga koleksyong kit lamang na inawtorisahan ng Pangasiwaan sa Pagkain at Gamot (FDA, Food and Drug Administration) ang nasa listahang ito. Kung gagamit ka ng kit na wala sa listahang ito, maaaring hindi maging tumpak ang iyong mga resulta.

Sa oras na pumunta ka sa website para sa mas ninanais mong kumpanya ng pagsusuri, magtatanong sa iyo ng listahan ng mga katanungan para sa screening. Depende sa kung paano mo sinagot ang mga ito, maaari kang pahintulutang bumili ng test kit. Sa ilang mga pagkakataon, gaya ng kung itinuturing na malubha ang iyong mga sintomas, aatasan ka sa halip na makipag-ugnay sa iyong doktor. Depende sa kumpanya, maaaring kailanganin mong hintayin ang iyong doktor na pag-aralan ang iyong mga sagot sa mga katanungan sa screening bago ka makakabili ng isang kit. Pinahihintulutan ka ng ilang kit na sagutan ang mga katanungan para sa screening sa ngalan ng iyong anak. Sa oras na bayaran mo ang kit online, ipapadala ito sa iyo. Ang iba't ibang kumpanya ng pagsusuri ay may iba't ibang panahon ng pagpapadala.

Paano ko kokolektahin ang sampol?

Ang iba't ibang pagsusuri ay nangangailangan ng iba't ibang paraan ng pagkolekta at kasama sa bawat pagsusuri ang mga tagubilin sa pagkolekta ng iyong sampol. Para sa ilan, kokolektahin mo ang sampol mula sa ibabang bahagi ng iyong ilong (“anterior nares”) at ang iba ay mula sa iyong laway. Ang CDC ay may patnybay sa pagkolekta sa mga sampol na mula sa [anterior nares](#). Kasama sa ilan sa mga kit na ito ang mga video na may mga tagubilin na nakabase sa web para iyong mapanood, at ang ilan ay nag-aatas na obserbahan ka ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na kolektahin ang sampol sa pamamagitan ng video chat.

Paano ko ipapadala ang aking sampol sa laboratoryo?

Kasama sa bawat kit ang mga tagubilin sa kung paano ipapadalang pabalik ang sampol gamit ang nabayaran nang label sa pagpapadala (shipping label) at ipinagkaloob na pakete. Karaniwan, dapat mong ipadalang pabalik ang sampol sa parehong araw na kinolekta mo ito, at ang ilang laboratoryo ay hindi tumatanggap ng mga ipinadala sa mga araw ng Sabado at Linggo. Sa oras na maihanda mo ang iyong sampol na ipapadala sa laboratoryo, kakailanganin mong dalhin ito sa paghuhulugang lokasyon na nakalagay sa tagubilin, gaya ng kahong paghuhulugan (drop box) ng FedEx.

Paano ko makukuha ang aking resulta?

Ipapaalam sa iyo ng kumpanya ng pagsusuri kung gaano katagal ang aabutin para makuha mo ang iyong resulta. Maaari kang magkaroon ng oportunidad na makipag-usap sa isang tao sa telepono o sa pamamagitan ng video chat tungkol sa iyong resulta. Kung positibo para sa SARS-CoV-2 ang iyong pagsusuri, ipapaalam sa iyo ng isang tao sa kumpanya ng pagsusuri ang susunod na gagawin. Alinsunod sa batas, ang iyong resulta ay iuulat sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan, na susubok na makipag-ugnay sa iyo kung positibo ang resulta ng iyong pagsusuri.



Ano ang dapat kong gawin kung positibo ang resulta ng aking pagsusuri?

- Makipag-ugnay sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.
- Manatili sa bahay hanggang sa matugunan mo ang **lahat ng tatlong** kondisyon sa ibaba (tingnan ang [mga tagubilin para sa pagbubukod ng sarili \[instructions for isolation\]](#)):
 - 1) Hindi bababa sa 10 araw ang lumipas simula nang magsimulang lumabas ang iyong mga sintomas o, kung hindi ka kailanman nagkaroon ng mga sintomas, 10 araw ang lumipas simila nang makolekta mo ang sampol na nasuriang positibo
 - 2) Hindi bababa sa 24 na oras ang lumipas simula nang mawala ang iyong lagnat kung saan hindi ka uminom ng mga gamot na nakakapagpababa ng lagnat
 - 3) Bumuti ang ibang mga sintomas
- Ibahagi ang [mga tagubilin sa pagku-quarantine \(quarantine instructions\)](#) na ito sa sinumang [malapit na nakasalamuha \(close contacts\)](#).